Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagkilala sa pang-abay

Panuto: Salungguhitan ang pang-abay o pariralang pang-abay sa bawat pangungusap.

1. Si Leo ay mahusay magdrowing ng mga tao.
2. Nalinisan nang maigi ang sasakyan ninyo.
3. Pabulong magsalita ang bata dahil mahiyain siya.
4. Sinuot niya nang baliktad ang kanyang damit.
5. Ang bangko ay matatagpuan sa dulo ng *Ayala Avenue*.
6. Tutulungan ako ni Ate Sheila mamayang gabi.
7. Nahuli rin sa wakas ang magnanakaw!
8. Talagang nakakainis ang mga taong makukulit.
9. Kumakain kami ng tsokolate paminsan-minsan.
10. Ang mga magulang ni Anna ay napakabait at bihirang magalit.
11. Parati siyang nagte-text sa akin kaya naubos ang pera niya.
12. Ang mga mananayaw ay mag-eensayo sa himnasyo.
13. Ang mangingisda ay sumisid nang malalim.
14. Makakauwi si Francesca sa araw ng pista.
15. Maagang dumarating ang sundo ni Sonny.
16. Magsipilyo ka bago ka matulog.
17. Ipinanganak si Tito Gabriel noong ika-15 ng Marso, 1970.
18. Ang paliwanag ni Ginang Alberto ay madaling intindihin.
19. Tumawag siya sa telepono kani-kanina lamang.
20. Sama-sama silang naglakad patungong simbahan.